c/o EPS Subebe
for appropriate action

RECORDS SECTION
DepED, Division of Zambo. Norte
No: ____
Date: DEC 19 2018 By: ____
RECEIVED

27 Nobyembre 2018

RECORDS SECTION
DepED, Division of Zambo. Norte
No: ____
Date: JAN 15 2019 By: ____
RELEASED

**PEDRO MELCHOR M. NATIVIDAD**
Tagapamanihala
Sangay ng Zamboanga del Norte
Lungsod Dipolog

Mahal na Tagapamanihalang Natividad:

Inilunsad na muli ng Komisyon sa Wikang Filipino ang Gawad Ulirang Guro sa Filipino 2019. Ito ang taunang gawad na ibinibigay ng KWF sa mga natatanging guro na nagpamalas ng husay at inisyatiba sa pagpapalaganap ng wikang Filipino. Kaugnay nito, muli po naming hinihingi ang inyong tulong at pakikiisa sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga lahok mula sa inyong dibisyon, gayundin ng diseminasyon ng gawad na ito.

Kalakip sa sulat na ito ay ang brosyur na naglalaman ng tuntunin ng Gawad na maaari ninyong ipamudmod sa inyong mga paaralan, kopya ng pormularyo sa paglahok at template ng Curriculum Vitae.

Kung mayroon po kayong tanong o paglilinaw, maaaring sumulat sa email adres na kwfssg@gmail.com o tumawag sa telepono blg. (02) 243-9855 o mobile number 09279849579/09218526359 at hanapin si MA. VICTORIA G. CORRIGE.

Inaasahan namin ang positibo ninyong tugon at hangad naming muli kayong makatuwang sa mga gawaing pangwika.

Lubos na sumasainyo,

**PURIFICACION G. DELIMA, PhD**
Fulltime Komisyoner
Komisyoner sa Programa at Proyekto

